




Sa kabuuan:

5 KEY POLICY RATE%
.00

Itinaas ng BSP ang *key policy rate* sa 5.0 percent, mas mataas ng 75 *basis points* (bps) kumpara sa nakaraang 4.25 percent.


Ang karagdagang pagtaas ng *policy rate* ay naglalayong pigilan ang tuluyang paglayo ng *inflation expectations* ng mga tao sa 2.0-4.0 percent *target range* ng *inflation*.



Inaasahang mananatiling mataas ang *inflation* sa mga darating na buwan bago ito tuluyang makabalik sa *target range*.



May mga bagay na maaaring magpataas sa *inflation* sa 2022 at 2023. Kabilang dito ang mas mataas na pandaigdigang presyo ng mga pagkain, pagtaas ng pasahe, mas mataas na presyo ng asukal, prutas, at gulay, at ang posibleng patuloy na kakulangan sa supply ng ilang pagkain. Gayunpaman, ang matamlay na paglago ng pandaigdigang ekonomiya ay maaaring magpabagal sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin.




Inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na ang antas ng *inflation* sa taong 2022 ay magiging mas mataas kaysa sa *target range* bago tuluyang makabalik sa *target range* sa taong 2024.



Mas mataas ang kasalukyang antas ng ekonomiya kumpara noong panahon bago ang pandemya.

Ang *gross domestic product growth* sa taong ito ay inaasahang aabot sa target ng gobyerno na 6.5-7.5 percent. Bagama't mas mabagal, inaasahan ding mananatili ang *growth momentum* na ito hanggang 2023 at 2024.



Ang pagtataas ng *policy rate* ng BSP, kasama ang napapanahong pagpapatupad ng mga *supply-side non-monetary measures* ay kinakailangan upang mapabagal ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at mapanatili ang paglago ng ekonomiya.

Itinaas ng BSP ang *key policy rate* nito sa 5.0 percent.

5 KEY POLICY RATE%
.00

Itinaas ng BSP ang *key policy interest rate* sa 5.0 percent simula 18 Nobyembre 2022, mas mataas ng 75 *basis points* (bps) kumpara sa nakaraang 4.25 percent.


Ang karagdagang pagtaas ng *policy rate* ay naglalayong pigilan ang tuluyang paglayo ng *inflation expectations* ng mga tao sa 2.0-4.0 percent *target range* ng *inflation*.

Ang mas mataas na *policy rate* ay makatutulong din laban sa mabilis na pagbaba ng halaga ng piso, na isa ring dahilan ng pagtaas ng mga presyo.

Ang magkakasunod na pagtaas ng *policy rates* ay naglalayong unti-unting maibalik ang *inflation* sa *target range* na 2.0-4.0 percent.

Ang karagdagang pagtaas na *policy rate* ay maaaring maghikayat na ipagpaliban muna ng mga tao ang paggasta para sa mga bagay na hindi pa nila kailangan. Nakikita rin na posibleng bumagal ang pagpapautang ng mga bangko at ang paggastos ng karamihan, na siyang makatutulong sa pagpapababa ng *inflation*. Gayunpaman, nananatiling *stable* ang mga bangko sa bansa at makakamit pa rin ng gobyerno ang *target growth* sa 2022.

Inaasahang mananatiling mataas ang antas ng inflation sa mga darating na buwan bago tuluyang makabalik sa target range.



Sa pinakahuling taya ng BSP, inaasahang aabot ang inflation sa pinakamataas nitong antas pagdating ng Q4 2022 at mananatiling mataas kaysa sa 2.0-4.0 percent na *target range* hanggang Q2 2023.

Inaasahan namang babagal at makakabalik ang *inflation* sa *target range* sa Q3 2023, at unti-unting makakarating sa mababang bahagi ng *target range* mula Q4 2023 hanggang Q1 2024. Sa kalaunan, inaasahang mapapanatili ang *inflation* malapit sa gitna ng target range pagdating ng Q2 2024.

Tinatayang 5.85 percent ang *average inflation* sa taong ito, 4.3 percent sa susunod na taon, at 3.1 percent naman sa 2024.

May mga bagay na maaaring mas magpataas ng inflation sa taong 2022 at 2023.



Kabilang dito ang mas mataas na pandaigdigang presyo ng mga pagkain dahil sa tumataas na presyo ng pataba, masamang lagay ng panahon, at paghihigpit sa kalakalan na nagbubunga ng mas kaunting *supply* ng mga produktong inaangkat. Ang pagtaas ng halaga ng pamasaha at presyo ng asukal, prutas, at gulay sa bansa ay maaari ring magpataas pa lalo ng *inflation*. Kung hindi na *ie-extend* ang pagpapatupad ng Executive Order No. 171, Series of 2022, maaaring tumaas na rin ang taripa sa karne, bigas, mais, at langis--bagay na maaari ring maging dahilan ng *inflation*.

Sa kabilang banda, ang matamlay ng paglago ng pandaigdigang ekonomiya ay inaasahang magpapabagal sa pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Inaasahan din ng mga ekonomista mula sa pribadong sektor na mas mataas kaysa sa target range ang inflation ngayong taon. Mananatili rin umano ito sa mataas na bahagi ng target range sa taong 2023, bago tuluyang bumaba sa 2024.



Sa pagdami ng sanhi ng *price pressures*, inaasahan ng mga *analysts* na lalagpas sa mas mataas na bahagi ng *target range* ang *inflation* ngayong taon.

Gayundin, inaasahang mananatiling mas mataas sa target ang *inflation* sa 2023. Bababa naman ang antas nito at lalapit sa mataas na bahagi ng *target range* pagdating ng 2024.

Ayon sa *survey* na isinagawa ng BSP nitong Nobyembre 2022, naniniwala ang mga ekonomista mula sa pribadong sektor na aabot sa 5.9 percent ang *inflation* sa taong ito--mas mataas sa 5.7 percent na resulta ng parehong *survey* na isinagawa noong Oktubre 2022.

Ayon pa sa mga ekonomista, aabot sa 4.9 percent ang *inflation* sa susunod na taon. Mas mataas din ito kaysa sa nauna nilang taya na 3.8 percent.



Mas malago na ang ekonomiya ngayon kumpara noong panahon bago ang pandemya.




Lumago ang ekonomiya base sa 7.6 percent *gross domestic product* (GDP) *growth* na naitala noong Q3 2022. Bahagyang mas mataas ito kaysa sa naitalang 7.5 percent noong Q2 2022, at 7.0 percent sa kaparehong panahon noong nakaraang taon. Ang mga sektor gaya ng *wholesale, retail, at manufacturing* ay nakabalik na rin sa dating *pre-pandemic* na antas.

Inaasahang aabot sa *target* ng gobyerno ang paglago ng GDP sa taong ito. Inaasahang magtutuloy-tuloy ang paglago ng ekonomiya sa 2023 at 2024, ngunit ang paglago ay magiging mas mabagal.

Makatutulong sa paglago ng ekonomiya ang pagpapaluwag ng *mobility restrictions*, mas mataas na *investments*, muling pagsigla ng turismo sa bansa, at muling pagbubukas ng mga paaralan na nagpapasigla sa mga maliliit na negosyo.

Ang pagtaas ng *policy rate* ng BSP, at ang mga hakbang ng ibang ahensya ng gobyerno upang madagdagan ang supply ng mga pangunahing bilihin, ay kinakailangan upang mapabagal ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at mapanatili ang paglago ng ekonomiya.



Mas mabilis ang pagtaas ng antas ng *inflation* kaysa sa inaasahan. Meron na rin nakikitang *second-round effects* gawa ng pagtaas ng mga pamasaha.

Ang karagdagang pagtaas ng BSP ng *policy rate* ay inaasahang magpapahina sa *price pressures* na maaaring manggaling sa *demand-side* ng ekonomiya.

Naaapektuhan naman ng *inflation expectations* ang antas ng *inflation* sa hinaharap. Kung inaasahan ng mga tao na tataas nang husto ang presyo ng mga bilihin, maaari silang bumili ngayon ng mga bagay na kailangan nila sa hinaharap. Dahil dito, tataas ang *demand* sa mga produkto at serbisyo, na siyang namang higit na magpapataas sa *inflation*. Kaya naman ang epektibong pag-angkla ng *inflation expectations* sa *target inflation* ay makatutulong sa pagpapatatag ng presyo ng mga bilihin.

Mahalaga rin ang mga isinasagawang hakbang ng gobyerno upang palakasin ang *supply* ng pangunahing bilihin, lalo na iyong mga nakatuon sa pagpapalago ng produksyon.

Patuloy na magsasagawa ang BSP ng mga kinakailangang hakbang upang maibalik ang *inflation* sa *target range* sa lalong madaling panahon.

Itinaas ng BSP ang *key policy interest rate* sa 5.0 percent.

Ibig sabihin....



Kalaunan ay magtataas din ang mga bangko ng *interest rate* sa mga pautang nito. Dahil tataas ang halaga ng interes na babayaran ng mga indibidwal at negosyo, maaari ring mabawasan ang paggastos at unti-unting bumagal ang *demand*. Ito ay hahantong sa mas mababa at banayad na *inflation*.

Gayundin....



Mahihikayat ang mga bangko na magdeposito ng mas malaking halaga sa BSP dahil sa mas mataas na interes na kikitain. Mababawasan naman ang pautang ng mga bangko sa mga indibidwal at negosyo. Magbubunga ito ng mas mabagal na *demand* at mas banayad na pagtaas ng presyo.

View the full 2022 Nov Monetary Policy Report sa https://www.bsp.gov.ph/SitePages/PriceStability/FullReportMPR/MonetaryPolicyReport_Nov2022.aspx

